



مَرْحَبًا بِالْعِلْمِ وَطُلَّابِهِ

MALIGAYANG PAGDATING SA KAALAMAN AT SA MGA MAG-AARAL NITO

UNANG KHUTBAH

PAPURI AY SA ALLAH NA NAGTAGLAY NG KAALAMAN AT KAHINAHUNAN, PINAGAAN NIYA ANG MGA ISIP SA PAMAMAGITAN NG MGA TANDA, AT NAKINABANG ANG SANGKATAUHAN SA MGA KAPAKI-PAKINABANG NA KAALAMAN.

LUWALHATI SA IYO, O ALLAH, PINAKAMAHUSAY NA GURO; SA PAMAMAGITAN NG PANULAT AY TINURUAN MO ANG MGA UNANG SALINLAHI INILABAS MO ANG ISIP NA ITO MULA SA MGA KADILIMAN NITO AT ITINURO RITO ANG MALIWANAG NA LIWANAG BILANG LANDAS SUMASAKSI AKO NA WALANG DIYOS MALIBAN SA ALLAH, SIYA LAMANG, WALA SIYANG KATAMBAL; ITINAAS NIYA ANG MGA TAONG MAY KAALAMAN KAYA SILA AY NAGING MGA TALUKTOK, AT SUMASAKSI AKO NA ANG ATING PROPETA MUHAMMAD AY LINGKOD NG ALLAH AT KANYANG SUGO, ISINUGO SIYA TAGLAY ANG KAALAMAN AT MABUBUTING ASAL PARA SA MGA TAO, ARABO MAN O HINDI ARABO, NAWAY PAGPALAIN, BATIIN AT BIYAYAAN SIYA NG ALLAH, GAYUNDIN ANG KANYANG PAMILYA AT MGA KASAMAHAN NA NAG-ALAY PARA SA KANYANG RELIHIYON NG KANILANG MGA BUHAY AT BUONG PAGSISIKAP, AT GAYUNDIN ANG MGA SUMUNOD SA KANILA NANG MAY KABUTIHAN AT PANANAMPALATAYA MAGPAKAILANMAN.

AT PAGKATAPOS.

MGA LINGKOD NG ALLAH: IPINAPAYO KO SA INYO AT SA AKING SARILI ANG PAGKAKAROON NG TAKOT SA ALLAH AT PAGESUNOD SA KANYA, AT BINABALAN KO KAYO AT ANG AKING SARILI LABAN SA PAGSUWAY SA KANYA AT PAGLABAG SA KANYANG UTOS.

MGA LINGKOD NG ALLAH: MAGPASALAMAT KAYO SA ALLAH PARA SA KANYANG DAKILANG MGA BIYAYA, SAPAGKAT NARITO TAYO AT MALAPIT NANG BUMALIK SA PAG-AARAL AT TRABAHO, SA BUHAY AT PAG-ASA, AT TAYO, SA PAMAMAGITAN NG PAPURI SA ALLAH, AY NAMUMUHAY SA ATING MGA BANSA NANG MAY SEGURIDAD AT KALIGTASAN, MAY KALUSUGAN SA ATING MGA KATAWAN, KASAGANAAN SA ATING MGA KABUHAYAN, AT KALIGTASAN PARA SA ATING MGA ANAK, SAMANTALANG MAY MGA PAGSUBOK SA ATING PALIGID; HINIHING NATING SA ALLAH ANG KAGALINGAN AT KALIGTASAN PARA SA ATIN AT PARA SA KANILA. KAYA ANG LAHAT NG PAPURI AT BIYAYA AY TUNAY NA SA ALLAH, GAYA NG SINABI NG ATING PANGINOON: (AT KUNG BIBILANGIN NINYO ANG MGA BIYAYA NG ALLAH, HINDI NINYO KAYANG BILANGIN ANG MGA ITO; TUNAY NA ANG TAO AY LABIS NA MAPAGKAMALI AT WALANG UTANG NA LOOB).

AT SINABI NG KATAAS-TAASANG ALLAH: (AT ANUMANG BIYAYANG TAGLAY NINYO AY MULA SA ALLAH).





MGA LINGKOD NG ALLAH: ANG UNANG GURO SA PAMAYANANG ITO AY SI MUHAMMAD, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NG ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA, AT ANG UNANG PAARALAN SA ISLAM AY SA TAHANAN NI AL-ARQAM IBN ABI AL-ARQAM SA PAANAN NG BUNDOK SAFA, AT MULA ROON AY HINUBOG NG SUGO NG ALLAH, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN, ANG KANYANG MARARANGAL NA MGA KASAMAHAN AT PINALAKI SILA SA TAKOT SA ALLAH AT PANANAMPALATAYA.

ISANG LINGGO NA LAMANG, SA KAPAHINTULUTAN NG ALLAH, AT MAGSISIMULA ANG PAGLALAKBAY NG KAALAMAN AT EDUKASYON SA BUONG ATING MINAMAHAL NA BAYAN, AT SISIKAT, SA KAPAHINTULUTAN NG ALLAH, ANG ISANG MASAYANG BUKANG-LIWAYWAY.

KAYA HINIHLING NATIN SA PANGINOON NA GAWIN ITONG ISANG PINAGPALANG TAON NG PAG-AARAL, PUNO NG KAALAMAN AT GAWA, PATNUBAY AT TAKOT SA ALLAH, SEGURIDAD AT PANANAMPALATAYA. AT ANG PINAKAMAINAM AT PINAKAMASAKLAW NA PAYO AY SALUBUNGIN NINYO ANG INYONG PAG-AARAL NANG MAY MABUTING PANANAW AT MALIWANAG NA PAGTINGIN, SAPAGKAT MINAMAHAL NG ATING SUGO, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NG ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA, ANG MABUTING TANDA SA LAHAT NG KANYANG MGA GAWAIN, AT SIYA AY NAGPAPAKUPKOP SA ALLAH LABAN SA KAWALANG-KAKAYAHAN AT KATAMARAN.

ANG UNA NATING MENSAHE: PARA SA MGA TAGAPAG-INGAT NG EDUKASYON AT PAGTUTURO, O KAYONG PINAGKALOOBAN NG KARANGALAN NG PINAKADAKILANG TUNGKULIN AT PINAKAMARANGAL NA MISYON!

KAYONG MGA MARARANGAL NA GURO, NARITO ANG AMING MGA ANAK NA LUMALAPIT SA INYO AT NAGHIHINTAY MULA SA INYO NG MGA KAPAKI-PAKINABANG NA KAALAMAN, KAYA ABUTIN NINYO ANG KANILANG MGA PUSO, AT AKAYIN ANG MGA ITO TUNGO SA PAGMAMAHAL SA ALLAH AT SA KANYANG KALUGURAN, AT ITANIM SA MGA ITO ANG PANANAMPALATAYA, KABUTIHAN AT MABUBUTING GAWA, AT MAGALAK KAYO SA SINABI NG KATAAS-TAASANG ALLAH: (AT SINO ANG MAS MABUTI SA PANANALITA KAYSA SA TAONG NAG-AANYAYA TUNGO SA ALLAH AT GUMAGAWA NG KABUTIHAN).

KAYONG MGA MARARANGAL NA GURO: BAWAT ISA SA INYO AY PATUNGO SA PINAGMUMULAN NG KANYANG KABUHAYAN AT TRABAHO, KAYA LUMABAS KAYO NA MAY MABUTING LAYUNIN NA MAGBABALIK SA INYO NG GANTIMPALA AT KABUTIHAN. SAPAGKAT ANG PARA SA ALLAH AY NANANATILI, AT ANG PARA SA IBA SA KANYA AY NAWAWALA AT NAPUPUTOL.

PAGKATAPOS AY ALAMIN NINYO NA ANG MISYON NG PAGTUTURO AY PAGESUNOD AT PAGTULAD SA PINAKAMARANGAL SA MGA PROPETA, SAPAGKAT SIYA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NG ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA, AY: MAHINAHON, MAAWAIN, BANAYAD AT MAHABAGIN. KAYA PADALIIN NINYO AT HUWAG PAHIRAPAN, MAGBIGAY NG MABUTING BALITA AT HUWAG MAGTABOY, AT MAGING MASAYAHIN ANG MUKHA AT LAGING NAKANGITI, SAPAGKAT ANG ATING SUGO AY HINDI NAKATAGPO NG SINUMAN NANG HINDI SIYA NGUMINGITI SA KANYANG MUKHA.





KAYONG MGA MARARANGAL NA GURO: ANG AMING MGA ANAK AY ISANG IPINAGKATIWALANG PANANAGUTAN SA INYONG MGA LEEG, KAYA BIGYAN NINYO NG WASTONG HALAGA ANG SALITA, AT TIMBANGIN NINYO ANG BAWAT KILOS AYON SA NARARAPAT, SAPAGKAT MAS MARAMI SILANG NATUTUTUHAN SA KANILANG MGA MATA KAYSA SA KANILANG MGA TAINGA, KAYA BAKIT NINYO SINASABI ANG HINDI NINYO GINAGAWA! ANG ATING MGA KURIKULUM AY MANANATILING TINTA SA PAPEL HANGGA'T HINDI NATIN ISINASALIN ANG MGA ITO SA ATING PAG-UUGALI.

ANG MAG-AARAL AY LUMALAKI SA KATAPATAN KUNG HINDI NIYA NAKIKITA MULA SA ATIN ANG PANDARAYA O NAKARIRINIG MULA SA ATIN NG KASINUNGALINGAN; NATUTUTO ANG MAG-AARAL MULA SA ATIN NG AWA KUNG HINDI SIYA TINATRATO NANG MAY KAGASPANGAN AT KALUPITAN.

SINABI NI IBN AL-MUBARAK, KAAWAAN NAWA SIYA NG ALLAH: **HIGIT NATING KAILANGAN ANG KAUNTING MABUTING ASAL KAYSA SA MARAMING KAALAMAN.**

O MGA MARARANGAL: DARATING SA INYO ANG MGA MAG-AARAL NA MAGKAKAIBA! KAYA PAKITUNGUHAN NINYO ANG BAWAT ISA AYON SA KANYANG KALAGAYAN, AT MAGTIYAGA KAYO, NAWA'Y TULUNGAN KAYO NG ALLAH SA KANILA. ANG MATAGUMPAY NA GURO AY YAONG NAGPAPAKUMBABA SA KANYANG MGA MAG-AARAL, NA ISINASABUHAY ANG SINABI NG PINAKADAKILANG PROPETA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NG ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA: **(TUNAY NA IPINAHAYAG SA AKIN NG ALLAH NA KAYO AY MAGPAKUMBABA).**

ANG MATAGUMPAY NA GURO AY YAONG NAKATUTUKLAS NG MGA TALENTO, NAGPAPALAKAS NG MGA DETERMINASYON, AT NAGPAPASIGLA NG MGA HANGARIN! MAGANDA ANG MGA SALITA, POSITIBO SA KANYANG PAGLALAHAD, AT PATULOY NA NAGBABAGO SA PARAAN NG KANYANG PAGPAPALIWANAG.

UMAABOT SIYA SA MGA PUSO NG KANYANG MGA MAG-AARAL, MABUTI ANG KANYANG REPUTASYON, MALINIS ANG KANYANG PAG-IISIP AT MABUTING HALIMBAWA.

SAPAT NANG KARANGALAN PARA SA IYO, O DAKILANG GURO, NA IKAW AY PUMUPUNO SA KATAYUAN NG PINAKADAKILANG SUGO, SAPAGKAT ISINUGO SIYA NG ALLAH SA MGA TAO: **(BINIBIGKAS SA KANILA ANG KANYANG MGA TALATA, NILILINIS SILA, AT ITINUTURO SA KANILA ANG AKLAT AT KARUNUNGAN).**

ISINUGO SIYA NG ALLAH UPANG GANAP NA ITAGUYOD ANG MABUBUTING ASAL AT MGA KAGANDAHAN NITO, KAYA MAPALAD KA: **(SAPAGKAT TUNAY NA ANG ALLAH, ANG KANYANG MGA ANGHEL, AT ANG MGA NANINIRAHAN SA MGA LANGIT AT LUPA, MAGING ANG LANGGAM SA KANYANG LUNGA AT MAGING ANG BALYENA, AY NANANALANGIN PARA SA NAGTUTURO SA MGA TAO NG KABUTIHAN).**

NAWA'Y GAWIN TAYONG LAHAT NG ALLAH NA MGA SUSI NG KABUTIHAN AT MGA KANDADO NG KASAMAAN.

SINASABI KO ANG AKING MGA SALITANG ITO, AT HUMIHINGI AKO NG KAPATAWARAN SA ALLAH PARA SA AKIN AT PARA SA INYO, KAYA HUMINGI KAYO NG KANYANG KAPATAWARAN; TUNAY NA SIYA ANG MAPAGPATAWAD, ANG MAHABAGIN.





IKALAWANG KHUTBAH

ANG PAPURI AY UKOL KAY ALLAH, ANG MAPAGKALINGANG KARAPAT-DAPAT PURIHIN. SUMASAKSI AKO NA WALANG DIYOS MALIBAN KAY ALLAH, SIYA LAMANG AT WALA SIYANG KATAMBAL; GINAGABAYAN NIYA ANG SINUMANG KANYANG NAISIN TUNGO SA KANYANG NAIS. AT SUMASAKSI AKO NA ANG ATING PROPETA NA SI MUHAMMAD AY LINGKOD AT SUGO NI ALLAH, NA NAGTATAGLAY NG MARANGAL NA ASAL AT KAPURI-PURING KAGANDAHANG-ASAL.

O ALLAH, PAGPALAIN, BATIIN, AT BIYAYAAN MO SIYA, ANG KANYANG PAMILYA, KANYANG MGA KASAMAHAN, AT ANG SINUMANG SUMUNOD SA KANILA NANG MAY KABUTIHAN HANGGANG SA ARAW NG DAGDAG NA BIYAYA.

PAGKARAAN NITO:

MATAKOT KAYO KAY ALLAH, KATAAS-TAASAN, AT PURIHIN SIYA DAHIL SA KANYANG DAKILANG MGA BIYAYA, AT MAGPASALAMAT KAYO SA KANYA GABI AT ARAW, SAPAGKAT SI ALLAH, KATAAS-TAASAN, AY NAKIKINIG SA SINUMANG PUMUPURI SA KANYA.

MGA ANAK NAMING MAG-AARAL: NARITO NA ANG MGA ARAW NG PAG-AARAL, KAYA HARAPIN NINYO ANG MGA ITO NANG MAY KASIPAGAN AT KATAPATAN.

AT ALAMIN NINYO NA MAY MGA PAGSISIKAP NA GINAWA PARA SA INYONG KAPAKANAN, KAYA MAGING KARAPAT-DAPAT KAYO SA MAGANDANG PAG-ASA NA INILAGAK SA INYO.

AT MAGALAK KAYO, SAPAGKAT SINABI NG ATING SUGO, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA: (SINUMANG TUMAHAK SA ISANG LANDAS UPANG MAGHANAP DITO NG KAALAMAN, PAGAGAANIN NI ALLAH PARA SA KANYA, DAHIL DITO, ANG ISANG LANDAS PATUNGO SA PARAISO).

MGA ANAK KONG MAG-AARAL:

ANG INYONG MGA GURO AY NASA KATAYUAN NG INYONG MGA AMA, KAYA HUWAG KAYONG MAG-ISIP NG MASAMA TUNGKOL SA KANILA, AT HUWAG KAYONG MAGSALITA SA KANILANG HARAPAN NG MASAMA O GUMAWA NG KAHIIYA-HIYANG ASAL! MAG-INGAT KAYO SA PAGPAPABAYA AT KATAMARAN, SAPAGKAT ANG ATING PROPETA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA, AY DUMUDULOG KAY ALLAH PARA SA PROTEKSIYON LABAN SA KAWALANG-KAKAYAHAN AT KATAMARAN.

MAG-INGAT KAYO SA MASASAMANG KASAMA, IGALANG NINYO ANG KAALAMAN AT ANG MGA AKLAT NITO, PAGHUSAYIN NINYO ANG INYONG MGA NATUTUTUHAN AT ISABUHAY ANG INYONG NATATANGGAP, AT PAGANDAHIN NINYO ANG INYONG ANYO SA PANANAMIT, PAG-AALAGA SA BUHOK AT MGA KUKO, AT KALINISAN NG INYONG MGA KATAWAN, SAPAGKAT: «TUNAY NA SI ALLAH AY MAGANDA AT INIIBIG NIYA ANG KAGANDAHAN», GAYA NG SINABI NG ATING SUGO, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA.





AT KAYO, SA KATOTOHANAN: AY LARAWAN NG PAGPAPALAKI NG INYONG MGA PAMILYA! KAYA LUMAYO KAYO SA MGA MABABANG URI NG GUPIT NG BUHOK SA LAHAT NG ANYO NITO, SAPAGKAT IPINAGBAWAL NG ATING PROPETA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA, ANG QAZA! AT KAYO AY MARANGAL AT NAKAHIHIGIT SA MGA BATANG BABAE AT SA MGA LIHIS SA LIKAS NA KATANGIAN NG TAO! KAMI AY NAGHIHINTAY SA INYO BILANG MGA LALAKING MAGIGING MGA ISKOLAR, DOKTOR, INHINYERO, AT MGA TAPAT NA KAWAL. NAWA'Y GABAYAN KAYO NI ALLAH SA KANYANG TUWID NA LANDAS.

MGA MARANGAL NA TAGAPAG-ALAGA: TAYO AY MGA KATUWANG NG PAARALAN SA KANYANG MISYON, KAYA MAKIPAG-UGNAYAN TAYO SA KANILA.

AT ANG PINAKAMALAKING SULIRANING DINARANAS NG MGA TAGAPAGTURO AY ANG KAKULANGAN NG ATING PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KANILA, O ANG ATING PAGKILING SA ATING MGA ANAK NANG WALANG PAGSISIYASAT AT WALANG KATIBAYAN!

MGA LINGKOD NI ALLAH: ANG ILAN SA ATIN AY NAG-AAKALA NA SA PAGBIBIGAY NG MGA KAGAMITAN SA PAARALAN AY NAGAMPANAN NA NIYA ANG KANYANG TUNGKULIN NANG HINDI NA KAILANGANG SUMUBAYBAY O MAGTANONG.

HINDI! TAYO, MGA TAGAPAG-ALAGA, AY KAILANGANG MAGHASIK SA MGA PUSO NG ATING MGA ANAK NG PAGMAMAHAL SA KAALAMAN, PAG-AARAL, AT MGA GURO, AT NG PAGGALANG SA KANILA, SAPAGKAT ANG MABUTING ASAL AT PAGGALANG ANG SUSI NG KAALAMAN AT PUNDASYON NG PAGHAHANAP NITO.

MGA TAGAPAG-ALAGA:

IGALANG NINYO ANG UTOS NI ALLAH HINGGIL SA INYONG MGA ANAK, SAPAGKAT SINABI NI ALLAH, MAKAPANGYARIHAN AT MARANGAL, SA KANYANG SUGO, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA: (AT UTUSAN MO ANG IYONG PAMILYA NA MAGSAGAWA NG SALAH AT MAGTIYAGA RITO).

AT SINABI NIYA, KATAAS-TAASAN, TUNGKOL SA KANYANG PROPETANG SI ISMA'IL, SUMAKANYA ANG KAPAYAPAAN: (AT SIYA AY NAG-UUTOS SA KANYANG PAMILYA NG SALAH AT ZAKAH, AT SIYA AY KALUGUD-LUGOD SA KANYANG PANGINOON).

AT SINABI NG ATING PROPETA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA: «UTUSAN NINYO ANG INYONG MGA ANAK NA MAGSAGAWA NG SALAH SA EDAD NA PITONG TAON, AT PARUSAHAN NINYO SILA DAHIL DITO SA EDAD NA SAMPUNG TAON».





O MARANGAL NA TAGAPAG-ALAGA: ANG INYONG MGA ANAK NA BABAE AY ISANG AMANAH AT PANANAGUTAN, KAYA SA ANUMANG PAGKAKATAON AY HINDI IPINAHIHINTULOT SA IYO NA HAYAAN SILANG MAPAG-ISA KASAMA ANG ISANG DAYUHANG DRAYBER, O ILANTAD SILA SA MGA PANGANIB! SAPAGKAT: (WALANG LALAKING NAG-IISA KASAMA ANG ISANG BABAE MALIBAN NA ANG SHAYTAN AY PUMAPASOK SA PAGITAN NILANG DALAWA).

AT HINDI BAHAGI NG PAGPAPARANGAL SA ATING MGA ANAK NA BABAE ANG PAGPAPAHIRAP SA KANILA DAHIL SA MAHABANG ORAS NG PAGHIHINTAY! KAYA ASAHAN NINYO ANG GANTIMPALA MULA KAY ALLAH SA PAGTITIIS SA HIRAP NG PAGDADALA SA KANILA SA MGA PAARALAN AT PAGSUNDO SA KANILA.

KAYA PARANGALAN NINYO ANG INYONG MGA ANAK NA BABAE, DAKILAIN NINYO SILA, AT PANATILIHIN ANG KANILANG DANGAL, SAPAGKAT TAYO AY MGA TAGAPAG-ALAGA AT RESPONSABLE PARA SA MGA NASA ILALIM NG ATING PANGANGALAGA. AT SINABI NG ATING PROPETA, SUMAKANYA ANG PAGPAPALA AT KAPAYAPAN NI ALLAH AT NG KANYANG PAMILYA: «ANG LALAKI AY TAGAPAG-ALAGA NG KANYANG PAMILYA, AT SIYA AY RESPONSABLE PARA SA KANILA. KAYA TUNAY NA BAWAT ISA SA INYO AY TAGAPAG-ALAGA, AT BAWAT ISA SA INYO AY RESPONSABLE PARA SA KANYANG NASASAKUPAN».

NAWA'Y TULUNGAN TAYONG LAHAT NI ALLAH AT GABAYAN TAYO SA KANYANG TUWID NA LANDAS.

O ALLAH, TULUNGAN MO KAMING LAHAT NA MAGAMPANAN ANG AMANAH, AT KAMI AY DUMUDULOG SA IYO PARA SA PROTEKSIYON LABAN SA KASAMAAN AT PAGTATAKSIL.

O ALLAH, GAWIN MO ANG AMING TAONG PANURUAN NA ISANG TAON NG KABUTIHAN AT PATNUBAY, TAGUMPAY AT PAGKATAKOT SA IYO, O PANGINOON NG MGA DAIGDIG.

O ALLAH, GAWIN MO KAMING KABILANG SA MGA NAGPAPASALAMAT SA IYONG MGA BIYAYA AT SA MGA UMAALAALA SA IYO.

O ALLAH, DAKILAIN MO ANG ISLAM AT ANG MGA MUSLIM SA BAWAT LUGAR, AT GAWIN MONG LIGTAS AT PAYAPA ANG BANSANG ITO AT ANG LAHAT NG LUPAIN NG MGA MUSLIM. O ALLAH, GABAYAN MO ANG MGA NAMUMUNO SA MGA MUSLIM TUNGO SA IYONG MINAMAHAL AT KINALULUGDAN, AT TULUNGAN MO SILA SA KATOTOHANAN, KATARUNGAN, HABAG, KABUTIHAN, AT PAGKATAKOT SA IYO. O ALLAH, GABAYAN MO ANG TAGAPAGLINGKOD NG DALAWANG BANAL NA MOSQUE, SI HARING SALMAN BIN ABDULAZIZ, AT ANG KANYANG MAPAGKAKATIWALAANG CROWN PRINCE NA SI MUHAMMAD BIN SALMAN; GABAYAN MO SILA TUNGO SA IYONG MINAMAHAL AT KINALULUGDAN, AT TULUNGAN MO SILA SA KABUTIHAN AT PAGKATAKOT SA IYO. GANTIMPALAAN MO SILA NG KABUTIHAN DAHIL SA KANILANG PAGLILINGKOD SA ISLAM AT MGA MUSLIM. TULUNGAN MO ANG AMING MGA KAWAL AT PANGALAGAAN MO ANG AMING MGA HANGGANAN. O ALLAH, TANGGAPIN MO ANG AMING MGA MARTIR KABILANG SA MGA MATUWID. PATAWARIN MO KAMI, ANG AMING MGA MAGULANG, AT ANG LAHAT NG MGA MUSLIM. AYUSIN MO ANG AMING MGA LAYUNIN, ANG AMING MGA SUPLING, AT ANG LAHAT NG MGA MUSLIM.

(BIGKASIN MO ANG ANUMANG IPINAHAYAG SA IYO MULA SA AKLAT AT MAGSAGAWA NG SALAH. TUNAY NA ANG SALAH AY PUMIPIGIL SA KAHALAYAN AT KASAMAAN, AT ANG PAG-ALAALA KAY ALLAH AY HIGIT NA DAKILA. AT BATID NI ALLAH ANG INYONG GINAGAWA).

